



*Nilalathala sa mga wikang*

*Ingles, Intsik, Koreya, Espanyol, Portuges, Tagalog, magaang na Hapon*

*Matatagpuan sa website ng Asosasyon (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>)*

Asosasyong Pandaigdig sa Kawasaki 〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho Nakahara ku Kawasaki shi Kanagawa ken

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail : [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## Gabay sa pagpasok sa Senior Hayskul ng mga batang anak ng Dayuhan (may taga salin-wika)

Pagpapaliwanag at pagpapayo sa mga papasok na mga batang Dayuhan sa pampublikong Senior hayskul sa Kanagawa prefecture. May mga staff na interpreter sa Ingles, Chinese, Espanyol, Koreya, Portuges at Tagalog.



※Kung may iba pang wika at nais ng interpreter, mangyaring ipalam ng maaga sa 2 linggo .

Petsa: Setyembre 16, 2018(Linggo) 13:00 – 16:00

Lugar: Kawasaki Kokusai Kouryu Center Hall

Nilalaman: Kahalagahan ng pagpasok sa Senior Hayskul, sistema ng pagsusulit(entrance test)para sa pagpasa sa nais na pasukang mataas na paaralan at iba pa

Target: Estudyante ng Junyor hayskul(1~3 baitang) , mismong tao na nagtapos na sa Junyor hayskul, magulang, at tagasuporta.

Aplikasyon •Katanungan:(Pampublikong kalakalan)Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

TEL: 044-435-7000 E-mail:[kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

Taga-pamahala:Lupon ng Edukasyon sa Kanagawa Prefectural(NPO) Tabunka Kyousei Network Kanagawa (ME-net)

~Libre! Subalit, kinakailangan ang reserbasyon! ~  
Mayroon ding libreng konsultasyon sa Gyoseishoshi(administrative lawyer)

### Mga Nalalapat na kurso at ebento

	Petsa	Pagsali	Nilalaman
Masaya at kapaki-pakinabang na kurso ng Nihongo para sa mga dayuhan /2sesyon Pang-umaga (Martes,Biyernes) Pang-gabi (Miyerkoles)	<b>Pang-umaga</b> (9:50-11:50) Sept.8 - Dec. 4  <b>Pang-gabi</b> (18:30~20:30) Sept.5 – Dis. 12	22 beses, ¥11,220 Bukod ang bayad ng aklat aralin  (15beses) ¥7,650 Bukod ang bayad ng aklat aralin	Mayroong 9 hanggang 11 na klase sa antas. At mula sa Beginners hanggang Advanced level, <b>Sa kursong pangumaga mayroong taga alaga ng bata mula 1 hanggang 5 taon na bata.</b> Tanggapan na ng aplikasyon. Magdala ng larawan (3 × 4 cm).
Pagtataguyod ng Diplomatikong Ugnayan ng Japan · Mexico Ika-130 Anibersaryo Konsyerto. ·Magandang Paglalakbay sa musika"Mexican Music and Ethnic/native Dance"	Setyembre 27 (Huwebes) 18:30 - 20:30 (18:00 magbubukas)	Kailangan ang aplikasyon  Maagang bayad (2,500yen) Mismong-araw(3,000yen) Mayroong inumin ng Mexico at appetizers..	Mabighagning kasuutan at malaking Sombrero ang kahanga-hanga sa isang musikal na grupo na " <b>Mariachi Agabe</b> " ay dumating sa Japan mula sa Mexico.Mangyaring tangkilikin ang etnikong sayaw sa pamamagitan ng " <b>Mexico en la pier</b> ".
<b>Panghuling Kurso ng Wika</b>  Ingles, Korean,, Chinese at Espanyol	Naka-iskedyul na magsimula sa unang bahagi ng Oktubre  Magsisimula ang tanggapan sa unang bahagi ng Agosto 10	Kailangan ng Aplikasyon  May Bayad	Kapasidad: 25 katao sa bawat klase Pamamaraan ng patala: Balikang postcard Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang leaflet / HP!

# Pagpasok sa Paaralang Elementarya at Junyor hayskul ng mga batang dayuhan sa lungsod ng Kawasaki

Para sa mga batang papasok sa elementarya na ipinanganak ng **Abril 2, 2012 hanggang Abril 1, 2013**. At sa mga mag-aaral na papasok sa Junyor Haiskul na inaasahang magtatapos ng elementarya sa Marso ng 2019. Ang mga dokumento na kinakailangan para sa patnubay at pamamaraan ng pasukan ng elementarya ay ipapadala sa residenteng nakarehistro sa lungsod ng Kawasaki sa huling Setyembre. Ang mga nais pumasok sa Mababang Paaralan ng Munisipal ng Kawasaki ay may mga kinakailangang dokumento (mga dokumento para sa pagpapatala, na maaaring makumpirma ang address at edad ng inyong anak) at gagawin ito sa mga sangay ng munisipyo sa unang bahagi ng Oktubre. Sa papasukang paaralan ng elementarya ay nakatakda ang pagsusuri sa kalusugan ng mga Nobyembre..



Tungkol sa mga bagong papasok na Junyor hayskul, ang gabay sa pagpasok ay ipapadala sa unang bahagi ng Disyembre, at magsisimula ang tanggapan.

Sa Kawasaki International Center. Ang "Gabay sa Pagpasok sa elementarya ng mga batang Dayuhan " ay itatakda para sa huling buwan ng Pebrero 2019. Ipapaliwanag dito ang paaralang elementarya ng Hapon sa paraang madaling maunawaan. Mayroon ding mga tagasalang wika at mag-aalaga sa bata. Ito ay libre! Ipapaalam namin sa inyo sa pamamagitan ng leaflet · HP ang mga detalye.

\*\*\*\*\*

## Kapaki-pakinabang na Impormasyon !

Alam mo ba na may serbisyo ang ward office sa pagpapahanap ng" taga-saling wika"(interpreter)? .(lalong-lalo na pag sa kapakanan ng bata ,at kapag may mga kaugnayan sa pamahalaan) . Kung mayroong isang bagay na gustong malaman, sa opisina ng munisipyo,may serbisyo ang munisipyo na magbigay ng boluntaryong enterpreter. Ang mga wika ay nasa Ingles, Intsik, Koreya, Tagalog, Espanyol, at Portugal,nasa 6 na iba' t-ibang wika.Libre ito subalit may mga kondisyon .Para sa detalye magtanong lamang sa International Center

Maaring magpasuri ng **HIV** sa Kanagawa ken. Liban sa HIV, maaari ding magpasuri ng Syphilis at hepatitis B . Mayroong taga-salin ( Ingles, Thai, Espanyol, Portugis ) sa mga hindi gaanong sanay sa wikang-hapon.Malalaman din sa mismong araw ang resulta.

Lugar: Kanagawa Kenmin Center <http://www.pref.kanagawa.jp/cnt/f6943/>  
 Petsa: Set.16, Nob. 18, at 2019 ng Enero 20 at Marso 17 (Linggo) 15:00~15:30 (Tanggapan)  
 Paraan : Ingles · Thailandis: Minatomachi Medical Clinic ;045 - 453 - 3673 ( Tues · Fri 13:00~14:00 taga-pangasiwa : Dr.Sawada)  
 · Espanyol·Portugis: CRIATIVOS 080-3723-5798 (Huwebes 10:00~17:00)  
 · Nihonggo·Iba pang Wika: Kanagawa Ken Kenko KikiKanri Ka 045-210-4793 (Lunes~Biyernes 8:30~17:00)  
 Pagpapasuri sa mismong araw: 070-1288-4116


## 「Libreng Konsultasyon/Pagpapayo sa mga Dayuhan sa Kawasaki International Center 」

Kung may nais itanong o ipakunsulta (LIBRE)

· Oras ng pakunsulta 10:00~12:00、13:00~16:00 TEL 044-435-7000

Wika	Araw
Ingles	Lunes- Sabado
Portugis	Martes·Biyernes
Koreya	Martes·Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes·Miyerkoles·Biyernes
Espanyol	Martes·Miyerkoles
Tagalog	Martes·Miyerkoles



**Paalala** Ang libreng Konsultasyon sa munisipyo ng Kawasaki·at munisipyo ng Asao ay nagtapos na nitong Marso 2018(Heisei 30).Maari kayong kumunsulta sa Kawasaki International Center.Tumawag po lamang.

**\* Libreng pagkonsulta sa Administrative Lawyer(Gyoseishoshi) Nihonggo ang pakonsulta. Magpareserba sa nais ng Interpreter. May bayad) ·Petsa: Agosto 19(Linggo), Setyembre 16(Linggo) 14:00~16:00**

·Lugar: Kawasaki Kokusai Kouryu Center 2F Kooperatibong silid pulungan